

Mga Karapatan

Dapat malaman ng mga pasyente na sinisiguro ang karapatan nila hindi lamang habang tumatanggap ng mga serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan, ngunit nasasaklaw din nito ang kanilang mga karapatan bago at matapos matanggap ang serbisyo.

1. Magalang na pag-aalaga

- I. Ang mga pasyente ay may karapatan na matrato ng may dignidad at respeto anuman ang kanilang edad, kasarian, relihiyon o kultura.
- II. Ang mga pasyente ay may karapatang makatanggap ng mga serbisyo at paggamot sa pag-aalaga ng kalusugan at pakikitungo na may angkop na atensiyon, kakayahan at walang pagkaantalang hindi kailangan.
- III. Ang mga pasyente ay may karapatang makatanggap ng kinakailangan na suportang pisikal, moral at pang-asal mula sa mga health practitioners at mga caregivers.

2. Kaligtasan

- I. Ang mga pasyente ay may karapatang makatanggap ng paggamot sa mga pasilidad at sa mga practitioners na may lisensya mula sa Estado ng Qatar.
- II. Ang mga pasyente ay may karapatang makaasa sa ligtas at mataas na kalidad ng pag-aalaga.
- III. Ang mga pasyente ay may karapatang makatanggap ng pag-aalaga sa maayos, ligtas, at matiwasay na kapaligiran na itinataguyod ng makabuluhang kalinisan, kinakailangang kagamitan na ligtas, siguradong sterilization at kapaligiran na walang usok na naaayon sa mga batas ng Qatar.
- IV. May karapatan ang mga pasyenteng makatanggap ng pag-aalagang ligtas sa hindi etikal na asal, pang-aabusong o kapabayaang.
- V. Ang mga pasyente ay may karapatang mai-sangguni at/o mailipat sa ibang pasilidad kapag kinakailangan o sa kagustuhan ng pasyente kung ito ay pwedeng payagan.

3. Impormasyon

- I. May karapatan ang pasyente na malaman ang pangalan at designasyon ng doktor na tumitingin sa kanya pati na rin ang iba pang doktor at mga tungkulin ng mga healthcare persons na direktang kasama sa pag-aalaga sa kanya.
- II. Ang mga pasyente ay may karapatan sa maikli ngunit malaman, kumpleto at madaling maunawaang impormasyon tungkol sa kanilang diagnosis at mga pwedeng pagpiliang na paggamot, mga side-effects, komplikasyon at anumang hindi inaasahang epekto, at ang interpreter ay mailalaan kung kinakailangan. (Maliban kung medikal na hindi maipapayong gawin, kung saan ang impormasyon ay dapat ibigay sa tagapag-alaga ng pasyente o mga magulang ng pasyente sakaling ito ay wala pa sa hustong gulang o sa legal na awtorisadong tao ng pasyente.)
- III. Ang mga pasyente ay may karapatang maabisuhan tungkol sa singil ng pangkalusugang pasilidad sa mga serbisyong magagamit at sa mga paraan ng pagbabayad nito at kabilang na rito ang tungkol sa agaran at pangmatagalang pinansiyal na implikasyon ng mga mapagpipiliang paraan ng paggamot.
- IV. Ang mga pasyente ay may karapatang humingi ng kopya ng kanilang mga medikal na ulat, kabilang ang mga x-ray, mga diagnostic na ulat at mga ulat/buod kaugnay ng paglabas nila ng ospital na naaayon sa patakaran ng pasilidad (maliban kung medikal itong hindi maipapayo, kung saan ang impormasyon ay dapat ibigay sa tagapag-alaga ng pasyente o mga magulang ng pasyente sakaling ito ay wala pa sa hustong gulang o legal na awtorisadong tao ng pasyente).

4. Paglahok sa Pagpapasya

- I. Ang mga pasyente ay may karapatang sumali sa pagpapasya tungkol sa kanilang pag-aalaga at paggamot, at kabilang na rito, ang karapatang tumanggi sa paggamot (hangga't ito ay pinahihintulutan ng regulasyon). Ang pahintulot o pagtanggig ng pasyente ay dapat dokumentado sa medikal na talaan ng pasyente.
- II. Ang mga pasyente ay may karapatang humingi ng pangalawang opinyon.
- III. Ang mga pasyente ay may karapatang magdesisyon kung sila ay magiging bahagi ng klinikal na pagsasanay at medikal na pananaliksik.

5. Privacy at pagiging kumpidensiyal

- I. Ang mga pasyente ay may karapatan na panatiliing pribado at kumpidensiyal ang kanilang mga personal na impormasyon at medikal na talaan (ang paglalabas ng impormasyon sa third party sa anumang paraan ay maaari lamang kung may pahintulot ang pasyente, maliban na lamang kung ang pagbabahagi ng medikal na ulat at talaan ay para sa mga opisyal ng awtoridad na may kaakibat na opisyal na paghiling) at matitignan lamang ng mga direktang guardians at caregivers, mga magulang sakaling ang pasyente ay wala pa sa hustong gulang, at legal na awtorisadong tao.
- II. Ang mga pasyente ay may karapatang humiling ng miyembro ng pamilya o magnomina ng taong makakasama habang may eksaminasyon, paggamot at pagtatalakay ng kaso nila.
- III. Ang mga pasyente ay may karapatan sa privacy at respeto habang may pisikal na eksaminasyon at paggamot.

6. Reklamo at Pagpuna

- I. Ang mga pasyente ay may karapatang mamuna at magreklamo sa mga namamahala ng pasilidad kung hindi masisiyahan sa pag-aalagang natatanggap nila; kung hindi malutas, ang mga pasyente ay may karapatang magsampa ng reklamo sa GHCC para maimbestigahan ng Fitness to Practice (FTP)/Department of Healthcare Professions sa MOPH.
- II. Ang mga pasyente ay may karapatang asahan na anumang reklamo na ginawa sa service provider or FTP ay masusi at angkop na iimbestigahan na walang kinikilingan at sila ay aabisuhan ng mga kalalabasan.

Mga Responsibilidad

Sa pagkilala ng pag-aalaga at/o paggamot na binibigay, ang mga pasyente ay sumasang-ayon na maging bahagi sa lahat ng makatwirang hakbang para makasunod sa mga medikal na tagubilin na kung saan kinakailangan maging responsable ng mga pasyente at mga kinatawan nila.

1. Respeto para sa Ibang Tao

- I. Ang mga pasyente ay may responsibilidad na tratuhin ang mga providers, kawani at ibang pasyente nang may dignidad, dangal at respeto kabilang na ang pagsunod sa mga patakaran at mga pangkaligtasang regulasyon ng mga providers.
- II. Ang mga pasyente ay may responsibilidad na respetuhin ang pagkapribado at pagiging kumpidensiyal ng ibang tao.

2. Impormasyon

- I. Ang mga pasyente ay may responsibilidad na ibigay sa mga providers, sa abot ng kanilang nalalaman, ang kumpleto at tamang impormasyon tungkol sa kanilang kalusugan at medikal na kasaysayan, kabilang ang kasalukuyang kundisyon, mga nakaraang karamdaman, mga pagkaka-confine sa ospital, mga gamot, at anumang usaping kaugnay sa kanilang kalusugan.
- II. Ang mga pasyente ay may responsibilidad na magtanong kung hindi nila naiintindihan ang impormasyon o tagubilin o pangkalusugang edukasyon na ibinigay sa kanila.

3. Pagsunod sa mga plano sa paggamot

- I. Ang mga pasyente ay may responsibilidad na makipagtulungan sa mga healthcare providers at sundin ang mga tagubilin para sa kanilang pag-aalaga at akuin lahat ng mga kahihinatnan at responsibilidad sakaling hindi nila ito sundin.
- II. Ang mga pasyente ay tatanggap ng personal na responsibilidad sakaling piliin nila na hindi tumanggap ng mga payo/pagbabago sa paggamot at paraan ng paggamot ng walang pagsang-ayon ng gumagamot na doktor.
- III. Ang mga pasyente ay may responsibilidad na lumagda sa pinabatid na pahintulot tungkol sa lahat ng serbisyong binigay sa kanila (mga proseso at paggamot) matapos mabigyan ng lahat ng detalye sa paggamot/proseso kabilang ang mga side effects, komplikasyon, at hindi kanais-nais na epekto sa wikang nauunawaan nito.

4. Pagpunta sa mga Appointment

- I. Ang mga pasyente ay may pananagutang tumugon sa kanilang mga appointments at sa pag-abiso sa mga providers kung hindi sila makakadalo sa anumang kadahilanan.
- II. Kapag nasa pasilidad ng pag-aalaga, ang mga pasyente ay dapat matiyagang maghintay para maibigay ng mga caregivers ang pinakamahasag nilang serbisyo sa lahat ng pasyente.

5. Mga Pinansyal na Obligasyon

- I. Ang mga pasyente ay may pananagutang bigyang-pansin ang mga pinansiyal na obligasyon kaugnay ng pag-aalaga sa kanila sa napapanahong paraan.
- II. Ang mga pasyente ay may pananagutang magbigay, sa abot ng kanilang nalalaman, ng kumpleto at tamang impormasyon tungkol sa mga insurance claims na may kaugnayan sa kanilang plano sa paggamot at makipag-ugnayan sa mga providers para sa kaayusan ng mga bayarin.

Fitness to Practice / Department of Healthcare Professions

لعرض الميثاق بلغات أخرى، يرجى زيارة موقع وزارة الصحة العامة (www.moph.gov.qa)
To view the Bill in other languages, please visit Ministry of Public Health Website (www.moph.gov.qa)

For more enquiries/information or to submit your complaints, please visit the same website or call Ministry of Public Health 44070000.

للاستفسار أو للحصول على معلومات إضافية أو عند الرغبة في تقديم شكاوى يمكن زيارة الموقع الإلكتروني المبين أعلاه أو عبر الاتصال بوزارة الصحة العامة ٤٤٠٧٠٠٠٠.